

## 2 pang brgy. sa QC, apektado ng ASF

Patuloy ang isinasagawang culling o pagpatay sa mga may sakit na baboy sa pamamagitan ng injection sa lungsod Quezon.

Ito ay makaraang umusbong na rin ang African Swine Flu sa Brgy. Pasong Tamo at Brgy. Roxas District.

Sa ngayon, may limang

barangay na ang nagkakaso ng ASF sa lungsod. Bukod sa Pasong Tamo at Brgy. Roxas District, una nang naitala ang ASF sa Brgys. Bagong Silangan, Payatas at Tatalon.

Kahapon, may 200 baboy ang isinailalim sa culling sa Brgy. Pasong Tamo at may 400 pa ang inaasahang isaila-

lim sa culling sa mga susunod na araw.

Ayon kay QC Mayor Joy Belmonte, tumanggap na ng financial assistance ang mga hog raiser sa barangay Pasong Tamo na P3,000 kada baboy.

Tinivak din ni Belmonte

### Ni ANGIE DELA CRUZ

na patuloy na babantayan ng mga tauhan ang mga pamilihan upang maiwasang may makapasok na hot meat doon.

Kaugnay nito, sinabi ni Dra. Ana Cabel, City Health Officer na walang dapat ipag-alala ang mga taga-QC sa

paglalagyan ng mga patay na baboy dahil dumaan naman sa tamang proseso ang pagbabaon sa designated lots ang mga baboy na naisailalim sa culling.

Wala na anyang kaso ng ASF sa Payatas, Bagong Silangan at Tatalon kaya't na-

kasentro na ngayon ang pagsubaybay sa mga babuyan sa Roxas District at Pasong Tamo.